Pagsasanay sa Filipino

© 2013 Pia Noche, www.samutsamot.com

Pangalan _____ Petsa _____ Marka ___/20

Mga sagot sa Pagsulat ng Tamang Pantukoy

Panuto: Isulat sa patlang ang tamang **pantukoy** na bubuo sa pangungusap. Gamitin ang pantukoy na *ang*, *ang mga*, *si*, *sina*, *ni*, o *nina*.

1. ___*Si*___ Angela ay pumunta sa tindahan.
2. ___*Sina*___ Lolo Teodoro at Lola Norma ay nagsimba kahapon.
3. ___*Ang*___ apo nila na si Carla ay bibisita ngayon.
4. ___*Ang mga*___ dyip at bus sa istasyon ay pupunta sa bayan ng San Mateo.
5. Si Mica ay kaibigan na matalik ___*ni*___ Carol.
6. Hinatid ___*nina*___ Tatay at Kuya Ben si Ate Grace sa paaralan.
7. Tinulungan namin maglinis ng silid ___*sina*___ Henry at Paula.
8. ___*Ang*___ sahig ng silid ay malinis na.
9. Sariwa ___*ang mga*___ prutas at gulay sa palengke.
10. ___*Si*___ Ginang Villanueva ang magiging guro natin.
11. Nakalimutan ___*ni*___ Sara na dalhin ang baon niya.
12. Kinausap ___*nina*___ Edwin at Maricar ang batang umiiyak.
13. Sasabay ___*si*___ Lara sa akin pauwi.
14. ___*Ang*___ sundo ko ay maghihintay sa labas ng paaralan.
15. Nakikita ko ___*ang mga*___ bituin sa gabi.
16. Si Nonoy ay pinsan ___*ni*___ Marlon.
17. Napansin ___*nina*___ Wendy, Karen, at Sandy na malungkot si Mia.
18. Hintayin natin ___*sina*___ Joel at Gilbert bago tayo umalis.
19. ___*Ang mga*___ alagang hayop ni Mang Andong ay malulusog.
20. Kare-kare ang paboritong ulam ___*ni*___ Tito Boy.